# ANO ANG TORTURE?



STOP ~~TORTURE~~

AMNESTY INTERNATIONAL

Kung ikaw ay sinadyang saktan o pahirapan sa anumang paraan, pinarusahan, tinakot o pinagbantaan ng isang taong nasa awtoridad o di kaya'y opisyal o kawani ng gobyerno, upang makakuha ng impormasyon o ng pag-amin ng kasalanan, ikaw ay tinorture.

Ito ay ilegal sa lahat ng pagkakataon: 50 taon na itong ipinagbabawal sa ilalim ng *international law*, at mula 2009 naman sa ilalim ng batas ng *Philippine Anti-Torture Act*.

Tutulungan ka ng gabay na ito na maintindihan kung ano ang *torture*, ano ang kahulugan ng di-makataong pagtrato, at paano malalaman kung ikaw o ang kapamilya mo ay tinorture.

## Ang *torture* ay may apat na mahalagang elemento:

- Ito ay sinadya.
- Ito ay nagdudulot ng matinding sakit o paghihirap.
- Ito ay ginawa para sa isang tiyak na layunin, gaya ng sapilitang pagkuha ng impormasyon o pag-amin, pagpataw ng parusa, o pamimilit sa pamamagitan ng pananakot o pagbabanta.
- Ito ay opisyal—ang taong nang-abuso sa iyo ay maaaring isang opisyal (halimbawa, galing sa gobyerno, isang pulis o militar) o ginagawa ang isang bagay sa ngalan ng isang opisyal.

# Mga Madalas Itanong tungkol sa *Torture*:



**Q. Ano ang pinagkaiba ng *torture* sa di-makataong pagtrato (*ill-treatment*)?**
A. Parehong illegal ang *torture* at di-makataong pagtrato. Ang pinagkaiba ay may kinalaman sa bigat o lalim ng pananakit. Kung ang ginawa sa iyo ay katulad ng *torture* ngunit may kulang na isa o dalawang elemento ng *torture*, maaaring ito ay mapaloob sa klasipikasyong malupit, di-makatao, at mapang-alipustang pagtrato o pamamarusa— na kung tawagin sa kabuuan ay di-makataong pagtrato.



**Q. Kung pinosasan ako nang labag sa aking kalooban, maituturing ba itong *torture*?**
A. Bagaman may awtoridad ang mga pulis na ikaw ay posasan, hindi nila maaaring gawin ito sa isang masakit, mapang-abuso, o mapanghiyang paraan, at sa loob ng mahabang panahon (kung saan nagdudulot na ito ng matinding sakit) dahil ito ay maituturing na di-makataong pagtrato. Kung ito ay labis na matindi, maituturing na itong *torture*.

**Q. Kung pinayagan ng mga pulis na umaresto sa akin na saktan o bugbugin ako ng mga mga kaibigan at kamag-anak ng biktima ng krimeng akin umanong nagawa para sila'y magkamit ng 'agarang hustisya', ito ba ay *torture*?**
A. Kapag ikaw ay nasa pag-iingat ng pulis, tungkulin nilang siguruhin na ligtas ka sa anumang uri ng karahasan. Kapag pinayagan, sinulsulan o hinimok nila ang sinuman na saktan ka, maituturing itong di-makataong pagtrato, at kung labis na matindi ay maituturing bilang *torture*.



**Q.Kung sinaktan ako ng mga pulis dahil nanlaban ako habang ina-aresto, ito ba ay *torture*?**
A.Ilegal para sa mga pulis ang gumamit ng pwersang higit pa sa kinakailangan kahit pa nanlalaban ang inaaresto. Ang labis na paggamit ng pwersa sa panahon ng pag-aresto ay maaaring maituring na di-makataong pagtrato, at sa labis na malalang kaso, maituturing itong *torture*.



**Q. Kapag binubgog ako ng isang pulis at pinakawalan mula sa pagkakakulong sa sumunod na araw, maituturing ba itong *torture*?**
A. Walang kinalaman ang pagpapalabas sa iyo mula sa bilangguan sa pagpapagaan ng ginawang pang-aabuso sa iyo-- walang karapatan ang mga pulis na bugbugin ka. Depende sa kung gaano kalala ang mga natamo mong pinsala, maaaring kaso ito ng di-makataong pagtrato o kung nagtataglay ng apat na elementong nabanggit sa itaas, maaaring ito ay *torture*.

**Q. Kung pumunta ang isang pulis o sundalo sa aking bahay o pinagtatrabahuhan, at doon ako pinagtatanong at binugbog nang hindi dinadala sa prisinto o kampo ng militar, *torture* ba ito?**

A. Hindi kailangang sa prisinto, istasyon ng pulis, o kampo ng militar gawin ang pananakit sa iyo para ito maituring na *torture*. Kung ikaw ay nasa ilalim ng kontrol o kustodiya ng pulis o militar at hindi ka nanlalaban, walang dahilan para gamitan ka ng karahasan. Para malaman kung ito ay *torture*, kailangang suriin ang sitwasyon kung taglay nito ang apat na mahahalagang elemento.



**Q. Kung ang mga taong natatrabaho para sa kapulisan gaya ng mga '*asset*', mga tanod o mga miyembro ng *Civilian Voluntary Organization (CVO)* at ng *Citizen Armed Forces Geographical Unit (CAFGU)* ang bumugbog sa akin, o kapag hinampas ako ng mga 'mayores' na mga kapwa kong preso na inatasan ng mga gwardiya para panatilihin ang katahimikan sa kulungan, *torture* pa rin ba ito?**

A. Para matawag na *torture* o di-makataong pagtrato, hindi kinakailangang ang opisyal ng pamahalaan mismo ang siyang direktang nanakit sa iyo. *Torture* pa rin ito kung ang may gawa ay napag-utusan ng isang opisyal o ginawa sa iyo na may alam o pagpayag ang isang opisyal. Kung ang isang tao ay nagtatrabaho sa mga organisasyong nagpapatupad ng batas o tumutulong sa militar, anupamang tungkulin o ranggo nila, maituturing din silang mga kawani ng pamahalaan. Sila, pati na rin ang mga nakatataas na opisyal na responsable para sa kanila, ay maaaring managot sa kasong kriminal kung napatunayang may kinalaman sa pangto-torture.

**Q. Kung 'napagtripan' o binugbog ako ng isang pulis (o sinumang kawani ng pamahalaan) para 'turuan ng leksyon' ngunit hindi naman ako pinilit na magbigay ng impormasyon, *torture* pa rin ba ito?**

A. Halos lahat ng uri ng labis na paggamit ng pwersa na nagdudulot ng matinding sakit o pagdurusa sa isang taong nakakulong na hindi naman nanlalaban ay matatawag na *torture* o di-makataong pagtrato. Hindi mahalaga ang dahilan kung bakit ka sinaktan. Ang tanging pwersa lang na maaaring gamitin sa iyo ay kung ano lamang ang sapat at kailangan para sa ligtas na pag-aresto at pagkulong.



**Q. Kung ako ay pinarusahan sa pamamagitan ng pagkakakulong na mag-isa (*solitary confinement*) gaya ng 'pag-bartolina' para 'madisiplina', ito ba ay *torture*?**

A. Ano mang uri ng mahabang pagkukulong sa iyo nang mag-isa (halimbawa, maraming linggo) ay maituturing na *torture*, o di kaya ay di-makataong pagtrato. Sa kaso ng mga bata o sa may kapansanan sa pag-iisip, kahit ang maikling panahon ng *solitary confinement* ay maituturing na di-makataong pagtrato.

AMNESTY INTERNATIONAL

# HINDI KA PA RIN BA SIGURADO?

Ang *torture* ay maaaring pisikal o sikolohikal. Sakop nito ang maraming uri ng malupit at di-makataong gawain.

Kabilang sa mga pisikal na uri ng *torture* na pinaparusahan sa ilalim ng *Philippine Anti-Torture Act of 2009* ang mga sumusunod: sistematikong pagbugbog, pagsuntok, pagsipa, paghampas gamit ang baton, sapilitang pagbibigay ng mga panis o hindi karaniwang pagkain, pangunguryente, pamamaso gamit ang sigarilyo o mainit na bakal o mga kemikal, paglublob ng iyong ulo sa tubig hanggang sa ikaw ay parang nalulunod, pagtali o pagpwersa sa iyo sa isang napakahirap na posisyon sa loob ng maraming oras, panggagahasa at pang-aabusong sekswal, pagputol sa mga bahagi ng iyong katawan, pagtanggal ng iyong mga ngipin o kuko, at paglalagay ng supot sa iyong ulo hanggang sa hindi ka na makahinga.

Ilegal din sa ilalim ng batas ang mga sumusunod na halimbawa ng *psychological torture* tulad ng: pagpiring, pagbabanta na sasaktan o papatayin ka o ang mga kamag-anak mo, pagpaparanas ng *solitary confinement* gaya ng 'pagbartolina', pagkukulong sa isang sikretong bilangguan, mahabaang interogasyon, panghihiya sa publiko o '*show trial*', pagpwersa sa iyong pamilya na panoorin ang pag-torture sa iyo, mahabaang panahon nang pagpipigil sa iyong matulog, at di pagpapahintulot sa iyo na makipag-usap sa iyong mga kapamilya habang ikaw ay nakapiit.

**ANG BATAS**

Ayon sa *United Nations Convention against Torture (UNCAT)*—isang malawakang kasunduan sa pagitan ng iba't-ibang bansa—ang *torture* ay nagdudulot ng matinding pisikal na sakit o sikolohikal na pagdurusa at sinadyang gawin sa isang tao upang makakuha ng impormasyon o pag-amin, para takutin, pilitin, o parusahan ang isang tao para sa ginawa o pinaghihinalaang ginawa niya, o dahil sa diskriminasyon. Maituturing na *torture* ang isang bagay kapag ginawa, sinulsulan, o pinayagan ito ng isang kawani ng pamahalaan, o ng sinumang may opisyal na katungkulan. Bagaman ang UNCAT ang naging batayan para sa *Philippine Anti-Torture Act of 2009*, ang dalawang instrumentong ito ay magkaiba. Ang mga sagot sa *pamphlet* na ito ay base sa mga pamantayan at *international human rights law*, na maaaring may pagkakapareho sa *Anti-Torture Act*.

# ANO ANG MAAARI MONG GAWIN?

## MAGSAMPA NG REKLAMO SA MGA KINAUUKULAN

Kung ikaw, o sinumang kakilala mo, ay nakaranas ng *torture*, *ill-treatment* o anumang pananakit mula sa kamay ng mga awtoridad, may mga hakbangin kang maaaring gawin upang makamit ang katarungan, suporta at kompensasyon.

Karapatan mo ito sa ilalim ng iba't-ibang batas. Maraming paraan na magagamit ang mga taong maaaring nakaranas ng *torture* upang idulog ang kanilang reklamo. I-click ang link na ito upang malaman ang mga ahensyang puwedeng malapitan at ang mga positibo at negatibong aspeto sa mga proseso ng pagdulog sa mga ahensiyang ito. Hindi tiyak ang tagumpay sa paghahain ng reklamo, ngunit ito ang tanging paraan upang makamit mo ang katarungan.

## TUMULONG KANG WAKASAN ANG TORTURE SA PILIPINAS

Isama mo ang iyong pangalan sa pandaigdigang petisyon kay Pangulong Aquino na magsagawa ng mga agarang hakbang para matigil ang torture at mabigyang-hustisya ang mga biktima nito. Manawagan kang tiyakin niya ang epektibong imbestigasyon at prosekusyon, at makapagtalaga ng isang *independent commission* na tutugon sa mga reklamo ng torture laban sa kapulisan (*independent police complaints commission*). Lahat tayo, maging mga miyembro ng militar, kapulisan o kawani ng pamahalaan, ay saklaw ng batas.

**WWW.AMNESTY.ORG.PH**
Index: ASA 35/010/2014 Tagalog
Nobyembre 2014

Amnesty International Philippines
18 A Marunong St., Bgy. Central,
Quezon City 1100
Philippines
Tel: +632 3764342
Email: section@amnesty.org.ph